



Opisyal na Paunawa

Antas ng Minimum na Sahod sa Lungsod ng Alameda

\$15.75

Bawat Oras Epektibo sa Hulyo 1, 2022

Simula sa Hulyo 1, 2022, ang empleyadong nagtatrabaho nang **hindi bababa sa dalawang (2) oras** sa isang partikular na linggo **sa loob ng heyograpikong mga hangganan ng Lungsod ng Alameda** ay dapat bayaran nang hindi mas mababa sa **\$15.75 bawat oras**. Ang minimum na antas ng sahod na ito ay naaangkop nang pantay-pantay sa lahat ng empleyado, anuman ang laki ng employer.

Ang minimum na kinakailangan sa sahod ay itinakda sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa Lungsod ng Alameda, Kodigong Munisipal ng Alameda Kabanata 4-60. Maaaring hindi mabilang ang mga tip sa pagbabayad ng minimum na sahod. Ang mga sumusunod ay ang iskedyul ng pagpapatupad ng Ordinansa sa Minimum na Sahod:

<u>Minimum na Sahod</u>	<u>Epektibong Petsa</u>
\$15.75/oras	Hulyo 1, 2022
Iniaakma Taon-taon ng Consumer Price Index	Hulyo 1, 2023

Sa ilalim ng Ordinansa, protektado sa paghihiganti ang mga empleyadong iginigiit ang kanilang mga karapatang tumanggap ng minimum na sahod sa Lungsod. Ang mga empleyado ay maaaring magsampa ng kasong sibil laban sa kanilang mga employer para sa anumang paglabag sa Ordinansa at/o maaaring magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Komunidad ng Lungsod. Sisiyasatin ng Lungsod ang mga posibleng paglabag, magkakaroon ng akses sa mga rekord ng payroll, at maaaring magpatupad ng mga paglabag sa mga kinakailangan sa minimum na sahod sa pamamagitan ng pag-uutos ng pagbabayad ng mga huling pasahod na labag sa batas na ipinagkait at mga parusa.

Dapat kang makipag-ugnayan sa Lungsod kung naniniwala kang hindi ka binabayaran ng minimum na sahod. **Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin/makipag-ugnayan sa:**

Lungsod ng Alameda, Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Komunidad
950 West Mall Square, Room 205, Alameda CA, 94501
Telepono: 510-747-6890
Email: minimumwage@alamedaca.gov
Website: alamedaca.gov/minimumwage

Magpaskil kung saan madaling mababasa ng mga empleyado. Dapat magbigay ng paunawa sa Ingles at sa gustong wika ng empleyado kung hiniling. Ang mga lumalabag ay napapailalim sa mga parusa.

现发布以汉语表述的通知，声明将自 2022 年 7 月 1 日起生效的最低工资变化：提高至 15.75 美元。

2022 년 7 월 1 일부로 최저임금이 \$15.75 로 인상된다는 내용의 공지가 한국어로 제공됩니다.

Este aviso sobre el aumento de salario mínimo a \$ 15.75 a partir del 1 de julio de 2022 se encuentra disponible en español.

Ang paunawang ito sa pagtaas ng minimum na sahod sa \$15.75 na magiging epektibo sa Hulyo 1, 2022 ay magagamit sa Tagalog.

Thông báo về việc tăng lương tối thiểu lên 15.75 USD áp dụng từ ngày 1 tháng 7 năm 2022, bản tiếng Việt.